



MGA DATAP TANDAAN

Ang interest rate ay ang takdang tubo ng perang hiniram o pinautang. Ito 'yung dagdag o patong sa perang pinahiram. Maaari itong tingnan bilang kabayaran sa serbisyo o sa perang maaari sanang mailaan sa ibang bagay. May dalawang uri ng interest rate:

1. **Nominal interest rate** - Ito ay ang interes na *hindi kasama* sa pagkuenta ang inflation o pagtaas ng presyo ng bilihin.
2. **Real interest rate** - Ito ay ang interes kung saan *isinasama* sa kalkulasyon ang epekto ng inflation. Kapag nagtaas kasi ang presyo ng bilihin, mas konti ang mabibili ng pera.

Sundan sina



sa social media para madagdagan
ang kaalaman tungkol sa ekonomiya.



www.neda.gov.ph



@NEDAhq




/AmbisyonNatin2040
/NEDAhq

EKO&MIYA

presents

Interes sa Bangko



Wow!
Ang tiyaga
mo naman
mag-ipon, Eko.
Pero bakit
alkansya pa rin
ang gamit mo?



Bakit ka tumatawa?
Buti nga nakakapag-ipon ako.
Ikaw ba may ipon?

Meron, pero
hindi sa
alkansya.

Eh saan?

S'yempre sa
banko para
safe!

Safe din naman sa alkansya ano.
May lock kaya ito!

Eh may interest
ba pag nagtago
ka ng pera dyan?

Interes?

KIKITA ANG PERA MO
SA BANGKO? PAANO?

Yung kinikita ng pera
sa bangko.

Depende sa uri ng account,
pero nagbabayad ng
interest ang bangko sa iyo.

Halimbawa, pagkatapos
ng isang taon ang Php 1,000 mo
ay pwedeng maging Php 1,015
o Php 1,030 —depende sa
Interest Rate.

Interest Rate Formula

$$A = P(1 + r t)$$

where P - principal
r - rate
t - time

Ang konti naman!

Bakit, dadami ba
'yang pera mo sa alkansya?

Eh paano kung
manakawan 'yung bangko?
Paano nila isasauli
ang pera ko?

'Yan ang pinakamalaking lamang
ng bangko sa alkansya mo.
Insured kasi ang pera mo sa bangko
kaya't kahit ano'ng mangyari,
pwede mo pa rin s'yang ma-withdraw.

PDIC

Sige na nga, nakumbinsi
mo na ako. Tara, samahan mo
akong magbukas ng account.

Kaya lang hapon
na eh. Sarado na
ang bangko.

Sige, ok lang.
Hindi ko pa
naman mailabas
'yung pera ko
dito eh.

Hay naku...

Para madagdagan
ang kaalaman
tungkol sa ekonomiya,
sundan sina
Eko at Miya sa

[f AmbisyonNatin2040](#)